



Karapat-dapat na Plano ng Kalusugan Sa Isang Sulyap

SINO ANG KARAPAT-DAPAT?

MGA INDIBIDWAL NA:

- Mga residente ng Estado ng New York
- Legal ang presensiya sa U.S.
- Hindi karapat-dapat sa Medicaid, Mahalagang Plano o Child Health Plus

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

- nystateofhealth.ny.gov
- 1-855-355-5777
o TTY (gamit ng di-makasalita at di-makarinig) 1-800-662-1220

Sinusunod ng NY State of Health ang mga umiiral na mga batas pederal at pang-estado sa mga karapatang sibil, at hindi nagtatangi batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, paniniwala/relihiyon, kasarian, edad, katayuang sibil, record ng pagkaka-aresto, (mga kriminal na pagkakasakdal, kinikilalang kasarian, oryentasyong sekswal, mga nakatataling genetic na katangian, status bilang militar, status bilang biktima ng karahasan sa tahanan at/o paghihiganti.

ANO ANG SINASAKLAW?

- Libreng pangangalaga para makaiwas sa sakit
- Inpatient care (Pangangalaga sa pasyenteng kailangang mamalagi sa ospital)
- Outpatient services (Mga serbisyo sa pasyenteng hindi kailangang mamalagi sa ospital)
- Pangangalaga para sa pagbubuntis at bagong silang
- Mga serbisyon pang-emergency
- Laboratoryo at pag-iimahe
- Mga de-resetang gamot
- Mga rehabilitative at habilitative na serbisyo
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng droga
- Mga serbisyo para sa kagalingan at pangangasiwa sa hindi gumagaling na sakit
- Ukol sa ngipin at mata para sa mga bata

Ang ukol sa ngipin at iba pang benepisyo ng nasa hustong gulang ay maaari ding masaklawan ng ilang plano.

MAGKANO ANG HALAGA NG KARAPAT-DAPAT NA PLANO NG KALUSUGAN (QHP)?

MGA BUWANANG PREMYUM: Ang halagang binabayaran mo sa bawat buwan ay ibabatay sa planong pinili mo. Maraming tao ang karapat-dapat sa mga tax credit (kredito sa buwis) na nagpapababa sa iyong buwanang gugol. Ang mga limit sa kinikita ay dapat na \$48,560 para sa isang indibidwal at \$100,400 para sa isang pamilyang may apat na miyembro.

COST SHARING (HATIAN SA GUGOL): Ang hatian sa gugol ay ang halagang binabayaran mo kapag kumuha ka ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Karapat-dapat din ang ilang tao na kumuha ng tulong sa pagbabayad ng mga gugol na ito, batay sa kanilang kita. Nasa ibaba ang mga halimbawa ng antas ng hatian sa gugol ng QHP para sa mga karaniwang plano na iniaalok sa apat na antas. Ang ibang plano ay makukuha na may ibang hatian sa gugol at mga karagdagang saklaw na serbisyo.

COST SHARING PARA SA MGA SERBISYO NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN	PLATINUM (PLATINO)	GOLD (GINTO)	SILVER (PILAK)	BRONZE (TANSO)
Taunang Kinakaltas	\$0	\$600	\$1,700	\$4,000
Pangangalaga para Makaiwas sa Sakit	Libre	Libre	Libre	Libre
Pagpapatingin sa Primary Care Physician	\$15	\$25	\$30	50% na hatian sa gugol
Pagpapatingin sa Espesyalista	\$35	\$40	\$50	50% na hatian sa gugol
Pamamalagi ng Pasyente sa Ospital sa bawat pagpasok	\$500	\$1,000	\$1,500	50% na hatian sa gugol
Outpatient na Pagpapatingin ukol sa Kalusugan ng Pag-uugali	\$15	\$25	\$30	50% na hatian sa gugol
Inpatient na Pagbisita para sa Behavioral Health sa bawat admission	\$500	\$1,000	\$1,500	50% na hatian sa gugol
Silid Pang-emergency	\$100	\$150	\$250	50% na hatian sa gugol
Madaliang Pangangalaga	\$55	\$60	\$70	50% na hatian sa gugol
Physical Therapy, Speech Therapy, Occupational Therapy	\$25	\$30	\$30	50% na hatian sa gugol

COST SHARING PARA SA MGA DE-RESETANG GAMOT	PLATINUM	GOLD	SILVER	BRONZE
Generic	\$10	\$10	\$10	\$10
Gustong Brand	\$30	\$35	\$35	\$35
Di-Gustong Brand	\$60	\$70	\$70	\$70